REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

**Tanggapan ng Sangguniang Bayan**

KAPASIYAHAN BILANG 91-197

KAPASIYAHAN NA PINAGTITIBAY NG SANGGUNIANG BAYAN NG MUNTINLUPA ANG PAGKAKALOOB NG KARAGDAGANG LIMANG DAANG PISO (P500.00) SA KASALUKUYANG TINATANGGAP NA CLOTHING ALLOWANCE NA HALAGANG LIMANG DAANG PISO (P500.00) NG BAWAT KAWANI SA ISANG TAON PARA SA KABUUANG HALAGA NA ISANG LIBONG PISO (P1,000.00) BAWAT TAON BATAY SA JOINT CIRCULAR NO. 38 NG GOVERNMENT PUBLIC ADMINISTRATION NG DEPARTMENT OF BUDGET AND MANAGEMENT AT DEPARTMENT OF INTERIOR AND LOCAL GOVERNMENT.

* * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * *

SAPAGKAT, ang antas o halaga ng pamumuhay ngayon ay lubhang mataas na;

SAPAGKAT, higit na mataas ngayon ang halaga ng mga bilihin;

SAPAGKAT, ang kasalukuyang clothing allowance ay lubhang mababa at hindi akma sa kasalukuyang panahon;

SAPAGKAT, ang karagdagang halaga na Limang Daang Piso (P500.00) sa kasalukuyang clothing allowance na Limang Daang Piso (P500.00) ay malaking kaluwagan para sa isang pangkaraniwang kawani na halos sumapat lamang ang kasalukuyang sinasahod buwan-buwan;

SAPAGKAT, ang pagkakaloob ng karagdagang limang daang Piso (P500.00) sa kasalukuyang clothing allowance na Limang Daang Piso (P500.00) upang maging Isang Libong Piso (P1,000.00) sa bawat taon ay magkakabisa simula sa taong 1991;

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay piangpasiyahan at muling pinagpasiyahan na gumawa ng kapasiyahan na pinagtitibay ng Sangguniang Bayan ang pagkakaloob ng karagdagang Limang daang Piso (P500.00) sa kasalukuyang tinatanggap na clothing allowance na halagang Limang Daang Piso (P500.00) ng bawat kawani sa isang taon para sa kabuuang halaga na Isang Libong Piso (P1,000.00) bawat taon batay sa Joint Circular No. 38 ng Government Public Administration ng Department of Budget and Management at Department of Interior and Local Government.

PINAGTIBAY ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa sa kanilang pang 161 pangkaraniwang pulong na ginanap ngayong ika-1 ng Hulyo 1991 sa bulwagan ng People's Center, Muntinlupa, Kalakhang Maynila.

MGGL. IGNACIO R. BUNYE
Punong Bayan/Pangulong Opisyal

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

**Tanggapan ng Sangguniang Bayan**



MGGL. JAIME R. FRESNEDI
Pang. Punong Bayan/pang. Pangulong Opisyal

KGG. CARLO G. TENSUAN
Konsehal

KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ
Konsehal

KGG. EPIFANIO A. ESPELETA
Konsehal

KGG. REY E. BULAY
Konsehal

KGG. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

KGG. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

KGG. NEMESIO O. MOZO
Konsehal

KGG. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal

KGG. ROGER C. SMITH
Konsehal

KGG. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal

KGG. VICENTE YU CHUA
Konsehal

PINATOTOHANAN:

PETER B. SALONGA
Pambayang Kalihim

PBS/vts